

RELEASED

BY:

NAME / SIGNATURE
DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

22 JUL 2015
DATE:



Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog 7100

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 1 s. 2015

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro Ng Mga Mataas Na Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2015**

Petsa: Hulyo 22, 2015

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1947 at sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino, ang Sangay Ng Zamboanga Del Norte ay makiisa sa pagdiriwang ng Buwan Ng Wikang Pambansa 2015. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay **Filipino Wika ng Pambansang Kaunlaran**.
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
 - a. ganap na maipatupad Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
 - b. maipakita ang kahalagahan ng wika na higit na nauunawaan ng nararami para sa pambansang kaunlaran.
3. Magkasabay na isasagawa ang Pansangay na paligsahan para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2015 ng Antas Elementarya at Sekundarya ngayong Agosto 28, 2015 sa ikawalo ng umaga. Ang venyu ay ipaalam lamang pagkatapos ng bidding. Walang butaw (registration fee) ang gawaing ito.
4. Higit na ipinapaalala ang pagbibigay-diin sa patakarang "*Instituting Measures To Increase Engaged Time-On-Task And Ensuring Compliance Therewith*" ng DepEd Order No.9, s.2005.
5. Ang mga tagahatol, tagasanay at komite ay pinakiusapang makasuot ng maka-Pilipinong damit.
6. May libreng pananghalian at meryenda para sa umaga at sa hapon ang mga kalahok, tagasanay at komite.
7. Ang pamasaha ng kalahok at tagasanay mula sa pinanggalingan at pabalik ay dapat manggaling sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa napagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.
8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.